PAGBUO NG MODYUL PARA SA FILIPINO 10 GAMIT ANG MGA PEDAGOHIKAL NA PAGDULOG

CORNELIO B. CENIZAL
https://orcid.org/ 0000-0001-5145-1926
cenizalcornelio@gmail.com
cornelio.cenizal001@deped.gov.ph
Lucsuhin National High School
Lucsuhin, Calatagan, Batangas, Philippines

ABSTRAK

Ang paraan ng pagtuturo ng isang guro ang isa sa pinakamahalagang bahagi kung paano natututo ang isang mag-aaral. Kailangan itong hasain ng bawat guro upang mas maging epektibo ang kanyang pagtuturo. Sa pananaliksik na ito, layuning matukoy ang kabisaan ng mga pedagohikal na pagdulog sa pagtuturo ng mga aralin sa Filipino ng Baitang 10. Layunin din ng pananaliksik na makabuo ng modyul gamit ang hindi gaanong ginagamit ng mga guro na mga pagdulog at istratehiyang nakapaloob dito gayong mahalagang magamit ito sa pagtuturo ng mga akda sa Filipino 10. Ang deskriptibong disenyo ng pag-aaral ang ginamit ng mananaliksik. Piniling gamitin sa pananaliksik na ito ang Descriptive Survey Design. Sa disenyong ito, gumamit ng talatanungan bilang pangunahing instrumento upang makatugon ng mga kailangan datos. Ginamit ang proseso ng weighted mean upang makuha ang pagkakasunud-sunod ng antas ng mga system sa paraan ng pagtuturo ng mga aralin gamit ang mga pedagohikal na pagdulog, pagtataya ng kabisaan ng mga pagdulog at ng suliraning nararanasan ng mga guro sa paggamit ng mga pagdulog. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang inquiry-based na pagdulog gamit sa pagtuturo ng mitolohiya ang nakakuha ng mababang antas o hindi gamiting pagdulog. Dahil sa mga natuklasan at resulta ng pananaliksik, ito ang naging batayan ng mananaliksik sa pagbuo ng modyul sa pagtuturo ng akda.

Keywords: Pagtuturo, Filipino, Pagdulog, Modyul, Deskriptibo, Pagbuo, Batangas-Philippines